

Mga Karapatan ng Mga Magulang at Mag-aaral Alinsunod sa Seksyon 504, Subpart D at Batas at Mga Regulasyon ng Hawaii

(Seksyon 504/Subpart D ng Rehabilitation Act of 1973 at
Batas at Mga Regulasyon ng Hawaii)



Inilalarawan sa pulyetong ito ang mga iginawad na karapatan ng mga batas ng Pederal na pamahalaan at estado sa mga mag-aaral na may kapansanan at sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga. Layunin ng batas na magkaloob ng patas na oportunidad sa edukasyon sa lahat ng mag-aaral na may kapansanan.

Mga Karapatan ng Magulang at Mag-aaral na Ipinagkaloob ng Mga Batas ng Pederal na Pamahalaan at Estado:

1. Mabigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na lumahok sa, at tumanggap ng mga benepisyo mula sa mga programa sa pampublikong edukasyon nang walang diskriminasyon dahil sa kapansanan ng mag-aaral.
2. Mapayuhan ng paaralan tungkol sa mga karapatan ng magulang alinsunod sa mga batas ng Pederal na pamahalaan at Estado.
3. Makatanggap ng paunang nakasulat na pahintulot hinggil sa anumang pagkilos patungkol sa pagkakakilanlan, pagsusuri, o educational placement ng mag-aaral o pagbibigay ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon sa mag-aaral.
4. Magbigay ng pahintulot bago magsagawa ang paaralan ng paunang pagsusuri, kung saan kasama ang pagbibigay ng mga pagsusulit o iba pang pagtatasa, o bago ang paunang pagbibigay ng espesyal na edukasyon o mga nauugnay na serbisyo sa mag-aaral.
5. Mabigyan ang mag-aaral ng libre at naaangkop na pampublikong edukasyon. Kabilang dito ang karapatang makapag-aral kasama ng mga mag-aaral na walang kapansanan hangga't naaangkop sa mga pangangailangan ng may kapansanang indibdwal. Dapat ilagay ng Departamento ang may kapansanang tao sa regular na kapaligirang pang-edukasyon na pinapatakbo ng Departamento, maliban kung naipakita ng Departamento na hindi makakamit sa kasiya-siyang paraan ang edukasyon ng tao sa regular na kapaligiran, kahit may karagdagang tulong at serbisyo. Kabilang din dito ang karapatang magbigyan ng paaralan ng mga akomodasyon, kabilang ang transportasyon, upang magbigyan ang mag-aaral ng patas na oportunidad sa paaralan at mga aktibidad ng paaralan.

6. Magkaroon ng oportunidad sa panahon ng pagsusuri at muling pagsusuri, makalahok sa pagsusuri ng kasalukuyang impormasyon tungkol sa mag-aaral at sa pagpapasya sa pagiging karapat-dapat ng mag-aaral na may kapansanan, makalahok sa pagbuo, pagsusuri, at pagbabago ng plano sa edukasyon ng mag-aaral, at makalahok sa mga pagpapasya hinggil sa placement.
7. Magkaroon ng interpretasyon ng impormasyon ng pagsusuri at mga pagpapasya sa educational placement na ginawa batay sa iba't ibang mapagkukunan ng impormasyon. Ang impormasyong ito ay dapat napapanahon upang makapagbigay ng pag-unawa sa mga kasalukuyang pangangailangan sa edukasyon ng mag-aaral, at dapat maingat na mapag-isipan at maisadokumento.
8. Magkaroon ang mag-aaral ng kaalaman sa mga pasilidad at makatanggap ng mga serbisyong maihahalintulad sa mga ibinibigay sa mga mag-aaral na walang kapansanan.
9. Mabigyan ang mag-aaral na patas na oportunidad na lumahok sa mga hindi pang-akademiko at extracurricular na aktibidad na iniaalok ng paaralan.
10. Masuri ang lahat ng nauugnay na talaan hinggil sa mga pasyang may kinalaman sa pagkakakilanlan, pagsusuri, o educational placement ng mag-aaral.
11. Magkaroon ng surrogate na magulang na itatalaga ng Departamento, kapag ang mag-aaral ay ward ng estado, o kapag hindi magawa ng estado na makilala o mahanap ang magulang ng mag-aaral, at nagpasya itong kailangan ng mag-aaral na surrogate na magulang. Ang isang surrogate na magulang ang kumakatawan sa mag-aaral sa lahat ng usapin hinggil sa pagkakakilanlan, pagsusuri, at educational placement ng mag-aaral, at sa pagbibigay ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon sa mag-aaral.
12. Sa loob ng talong araw ng paaralan mula sa binigkas na pahintulot ng Superintendent ng Complex Area na suspindehin ang mag-aaral nang lampas ng sampung araw, dapat magpadala ng nakasulat na paunawa ang paaralan tungkol sa layunin ng paaralan sa pagpapataw ng matinding pagdidisiplina sa mag-aaral, kabilang ang impormasyon ng insidenteng nagbunsod ng matinding pagdidisiplina at ang form ng apela para dito.
13. Maging miyembro ng pangkat na nagsasagawa ng pagsusuri tungkol sa kaugnayan ng kapansanan ng mag-aaral at ang pag-uugaling paksa ng pagdidisiplina na kinapapalooban ng pagbabago sa placement sa loob nang mahigit sa magkakasunod o pinagsama-samang araw ng paaralan sa isang taon. Dapat isaalang-alang ng pangkat ang lahat ng impormasyong nauugnay sa hindi mabuting pag-uugali, kabilang ang anumang nauugnay na impormasyong ibinigay ng magulang. Maaari lang masuspende ang mag-aaral kung ang pag-uugali ay hindi nauugnay sa kapansanan ng mag-aaral.
14. Sa pagtanggap ng kahilingan para sa karapat-dapat na prosesong nauugnay sa mga usapin sa pagkakakilanlan, pagsusuri, o educational placement ng, o pagbibigay ng libre at naaangkop na pampublikong edukasyon sa mag-aaral, dapat maipalam ng Departamento ang pagkakaroon ng alternatibong paraan sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan, kabilang ang pamamagitan. Ang paggamit ng alternatibong paraan ng paglutas ng hindi pagkakaunawaan ay hinihikayat sa paghiling ng paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan na nauugnay sa pagkakakilanlan, pagsusuri o educational placement ng, o pagbibigay ng libreng at naaangkop na pampublikong edukasyon sa mag-aaral, kahit hindi pa naihahain ang kahilingan para sa pagdinig ayon sa karapat-dapat na proseso. Ang paggamit ng alternatibong paraan ng paglutas ng hindi pagkakaunawaan ay boluntaryo at hindi dapat gamitin upang itanggi ang karapatan para sa isang pandinig ayon sa karapat-dapat na proseso.
15. Makahiling ng walang kinikilingang pagdinig ayon sa karapat-dapat na proseso na nauugnay sa pagkakakilanlan, pagsusuri, o educational placement ng, o sa pagbibigay ng libreng at naaangkop na pampublikong edukasyon sa mag-aaral. Bilang isang panig sa pagdinig, may karapatan ang magulang na mabigyan ng impormasyon ng Departamento sa petsa kung kailan ibababa ang isang pagpapasya at sa pagpili ng proseso para sa opisyal ng walang kinikilingang pagdinig. Bukod pa rito, ang magulang ay maaaring samahan o payuhan ng isang abogado, at maaaring isagawa ang pagdinig sa oras at lugar na makatuwirang madadaluhan niya. Ang mga kahilingan sa pagdinig ay dapat ihain sa Superintendent ng Complex Area sa complex area kung saan pumapasok ang mag-aaral. Makukuha ang form ng kahilingan sa paaralan o tanggapan ng complex area ng mag-aaral.
16. Umapela sa Hukuman hinggil sa pasya ng pagdinig sa loob ng tatlung araw mula sa pagtanggap ng pasya.

Paano Makakuha ng Karagdagang Impormasyon tungkol sa Mga Karapatan ng Mga Mag-aaral Laban sa Pandidiskrimina

Makipag-ugnayan sa sumusunod:

- **Punongguro ng Inyong Paaralan**
- **Inyong Mga Tanggapan ng Distrito:**



Distrito ng Honolulu

Complex ng Farrington/Kaiser/Kalani733-4940
Complex ng McKinley/Roosevelt/Kaimuki733-4977

Distrito ng Central Oahu

Complex ng Aiea/Moanalua/Radford421-4263
Complex ng Leilehua/Mililani/Waialua622-6432

Distrito ng Leeward Oahu

Complex ng Campbell/Kapolei675-0335
Complex ng Nanakuli/Waianae668-5746
Complex ng Pearl City/Waipahu675-0384

Distrito ng Windward Oahu

Complex ng Castle/Kahuku784-5941
Complex ng Kailua/Kalaheo784-5940

Distrito ng Hawaii


Complex ng Honokaa/Kohala775-8895
Complex ng Kealakehe/Konawaena323-0015
Complex ng Hilo/Waiakea974-4401
Complex ng Kau/Keau/Pahoa982-4252

Distrito ng Maui

Complex ng Baldwin/King Kekaulike/Maui High ..873-3520
Complex ng Hana/Lahaina/Lanai/Molokai553-1723

Distrito ng Kauai

Complex ng Kapaa/Kauai/Waimea274-3504



Coordinator ng Departamento para sa Seksyon 504:

Exceptional Support Branch
475 22nd Ave., Bldg. 302
Honolulu, Hawaii 96816
Telepono: (808) 305-9806

Pakidirekta ang mga tanong hinggil sa hindi pandidiskrimina ng HIDEOE dahil sa kapansanan sa:

Section ADA/504 inquiries
Krysti Sukita, ADA/504 Specialist
Civil Rights Compliance Office
Hawaii State Department of Education
P.O. Box 2360
Honolulu, Hawaii 96804
(808) 586-3322 o relay
crco@notes.k12.hi.us

Ang mga tanong na nauugnay sa diskriminasyon at/o panliligalig ay maaari ding idulog sa Office for Civil Rights, United States Department of Education.

Mga Karapatan ng Mga Magulang at Mag-aaral Alinsunod sa Seksyon 504, Subpart D at Batas at Mga Regulasyon ng Hawaii



Exceptional Support Branch
Department of Education • State of Hawaii
RS 17-1183, Mayo 2018 (Rebisyon ng RS 14-1409)